

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Naging pinakamababa ang PMI sa loob ng tatlong buwan noong Agosto dahil sa paghihigpit ng COVID-19 quarantine

Key findings

Idinulot ng mas mahihigpit na hakbang sa quarantine ang paghina ng ekonomiya

Pinakamabilis na bumaba ang bilang ng mga bagong order mula noong Mayo

Anim na buwan nang sunod-sunod na binabawasan ang bilang ng mga empleyado

Ang data ng Agosto 2020 ay nakolekta noong 12-21 Agosto 2020.

Lalo pang humina ang manufacturing sector ng Pilipinas noong Agosto dahil hinigpitan ang mga hakbang sa quarantine sa ilang probinsya. Bumaba nang husto ang bilang ng mga bagong order, at isinaad ng data ng pinakabagong PMI survey ang pangalawang sunod-sunod na pagbaba ng produksyon. Anim na buwan nang sunod-sunod na binabawasan ang bilang ng mga empleyado, habang naubos din ang mga imbentaryo. Samantala, naging pinakamabilis ang pagtaas ng input cost inflation sa loob ng 18 buwan, na nagdulot ng mas mabilis pero bahagyang pagtaas ng mga presyo ng output.

Dalawang buwang sunod-sunod na bumagsak ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® mula 48.4 noong Hulyo patungong 47.3 noong Agosto, na hudyat ng lalo pang paghina ng mga kundisyon ng pagnenegosyo. Gayunpaman, nanatiling mas mataas ang index kumpara sa naitalang pinakamababa na 31.6 noong Abril.

Ang pagbaba sa dalawang pangunahing sub-index na Ouput at Mga Bagong Order ay nagkaroon ng negatibong epekto sa direksyon ng headline PMI, at ang dalawang ito ang naging hudyat ng lalo pang paghina noong Agosto. Dalawang buwang sunod-sunod nang naging mas kaunti ang output, habang nanatiling mababa ang bilang ng mga bagong order sa manufacturing simula noong paglaganap ng pandemya ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) sa Pilipinas noong Marso.


Ang pagpapataw ng mas mahihigpit na hakbang sa quarantine sa Manila at sa ilan sa mga karatig na probinsya ay nagkaroon ng negatibong epekto sa demand noong Agosto. Bumaba nang husto ang mga bagong work inflow dahil pinaghigpitan ang galaw ng mga tao, habang pinuwera ang ilang sektor na magtrabaho nang may mas kaunting mga tauhan. Kapansin-pansing naging pinakamabilis ang pagbaba ng bilang ng mga bagong order na naitala sa loob ng tatlong buwan. Bumaba rin ang export sales, pero naging bahagya lang ito dahil sa pangkalahatan ay niluwagan ang mga paghihigpit sa COVID-19 sa buong daigdig.

Ang pagbabawas sa produksyon sa manufacturing ay kapansin-pansing naging mas mabilis kaysa sa naitala noong Hulyo. Gayunpaman, ang kabuuang bilis ng paghina ay hindi masyadong naramdaman sa yugto sa pagitan ng Marso at Mayo kung kailan hinaharap ng pinakamaraming bahagi ng bansa ang mga istriktong patakaran sa quarantine.

Bumaba ang employment nang pinakamabagal sa loob ng tatlong buwan noong Agosto, bagama't kapansin-pansin pa rin ang pagbabawas ng mga

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Ang kamakailang mabilis na pagdami ng mga bagong kaso ng COVID-19 ay humantong sa pagpataw ng pamahalaan ng mga mas istriktong hakbang sa quarantine sa Manila at sa mga karatig na probinsya noong Agosto. Dahil sa mga bagong hakbang, ang ilang grupo ay hindi nakabiyaha at napuwera ang ilang negosyo na tumakbo nang mas kaunti ang mga tauhan.

“Bilang resulta, naging pinakamababa ulit ang Philippines Manufacturing PMI sa loob ng tatlong buwan noong Agosto. Ang reading na 47.3 ay naghudyat ng kapansin-pansing pagbaba ng kalagayan ng sektor. Ang paghina ay naugnay sa mabilis na pagbaba ng mga bagong order at kasunod na mabilis na pagbaba ng output, habang kapansin-pansing bumaba ang client demand dahil sa mga bagong paghihigpit.

“Nanatiling kapansin-pansin ang mga pagbabawas ng trabaho dahil patuloy na binabawasan ng mga kumpanya ang kapasidad nila nang husto para makasabay sa bagong sitwasyon sa ekonomiya. Nabawasan din ang mga stock, at umabot na sa anim buwan ang tuloy-tuloy na pagbabawas. Nanatiling mas mababa ang kumpanya ng mga negosyo kumpara sa normal tungkol sa paglaki ng output sa susunod na taon, senyales ng kawalan ng katiyakan sa magiging kahihinatnan ng pandemya at mga hakbang sa lockdown.”

trabaho. Ang ilang kumpanyang sumailalim sa mga bagong paghihigpit ay nagbawas ng ilang tauhan, samantalang patuloy na nilimitahan ng iba ang bilang ng mga empleyado.


Anim na buwan nang sunod-sunod na bumababa ang mga stock ng mga biniling item noong Agosto, bagamat hindi masyadong mabilis ang pagbabawas nito kumpara sa naitala noong Hulyo. Ito ay iniugnay ng mga kumpanyang nagbawas ng holdings sa mahinang demand sa gitna ng pandemic. Gayundin, bumaba nang husto ang mga imbentaryo ng finished goods.

Naging mas mahaba ulit ang mga delivery sa mga kumpanya ng manufacturing sa Filipino sa loob ng pinakamakailang yugto ng survey, gaya ng naging kaso kada buwan mula noong Agosto 2019. Binanggit ng mga panelista na ang mga patuloy na quarantine sa komunidad, at mga panibagong hakbang sa COVID-19, ay nakaambag sa mga karagdagang kahirapan sa pagkuha ng mga input sa takdang panahon.

Samantala, tumaas ang mga presyo ng input nang pinakamabilis mula noong Pebrero 2019. Sinabi ng mga panelista na ito ay pangunahing idinulot ng mga shortage sa supplier at tumaas na gastusin sa pag-aangkat. Ipinasa ng ilang manufacturer ang mas mataas na gastusin sa mga consumer sa pamamagitan ng pagtaas ng mga presyo ng output. Gayunpaman, naging maliit lang ang pangkalahatang mark-up, dahil patuloy na nag-alok ang ilang kumpanya ng mga diskwento upang mahikayat ang sales.

Panghuli, ang outlook para sa manufacturing sector ay nanatiling mahina noong Agosto at katulad ito ng naitala noong Hulyo sa pangkalahatan. Mas maraming negosyo ang umaasang tataas ang output sa susunod na taon kaysa sa mga umaasang bababa ito, pero naging mas mababa ang kumpanya kumpara sa series trend.

PMI Output Index **Produksyon ng manufacturing**
 sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan %yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen
 Economist
 IHS Markit
 T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
 Principal Economist
 IHS Markit
 T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
 Public Relations
 IHS Markit
 T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Agosto 2020 ay nakolekta noong 12-21 Agosto 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.